

Klinika ng Kalusugan sa Trabaho



Maagang Pagsusuri at Paggamot - Magtrabaho ng Mabisa



Sentro ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho



Klinika ng Kalusugan sa Trabaho

Layon

Palakasin ang kalusugan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pag-iwas, pagsusuri at paggamot ng mga sakit na dulot ng trabaho, mga pinsala sa trabaho at mga sakit na may kaugnayan sa trabaho kabilang ang pananakit ng kalamnan

Ang Aming Kliyente

Anumang manggagawang may hinala na nagkaroon ng sakit sa trabaho, pinsala sa trabaho o sakit na may kaugnayan sa trabaho

Mag-book ng Appointment

- Ang booking sa telepono ay simple, maginhawa at mabilis, at maaari mong piliin ang oras ng iyong appointment
- Hindi kailangan ang rekomendasyon ng doktor



Aming Serbisyo

- Ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ay magbibigay ng angkop na pagsisiyasat, pagsusuri at paggamot sa pamamagitan ng pag-intindi sa iyong trabaho at sakit sa pamamagitan ng aktibong pakikinig, at magbibigay ng payo kung paano kontrolin ang sakit mula sa pananaw sa trabaho
- Inspeksyon ng lugar ng trabaho upang tasahin ang mga panganib sa kalusugan sa kapaligiran ng trabaho at magrekomenda ng mga pasyong pang-iwas at kontrol
- Paunlarin ang kamalayan ng mga pasyente sa kalusugan sa trabaho sa pamamagitan ng mga publikasyon, pagpapakita at mga palabas sa video
- Ipakilala ang konsepto ng kalusugan sa trabaho, panganib sa trabaho at mga panukalang pang-iwas sa mga empleyado sa pamamagitan ng mga talakayan sa kalusugan at mga workshop upang mabawasan ang panganib nilang makakuha ng sakit dulot ng trabaho
- Mag-organisa ng mga grupo ng suporta para sa mga pasyente upang isulong ang pagpapalitan ng karanasan at mutual na suporta sa mga pasyente



Pagpapareserba / Mga Pagtatanong


Klinika ng Kalusugan ng Kwun Tong

2343 7133

Sentro ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho

2361 8240

G/F Kwun Tong Community Health Centre Building
60 Hip Wo Street
Kwun Tong
Kowloon
(MTR Kwun Tong Station Exit A1)



Kwun Tong Occupational Health Clinic


-- -- Suggested walking route

Lunes hanggang Biyernes:
9:00 ng umaga - 1:00 ng hapon;
2:00 ng hapon - 5:00 ng hapon
1st at 3rd na Sabadong hindi pampublikong
piyesta opisyal bawat buwan:
9:00 ng umaga - 1:00 ng hapon

Klinika ng Kalusugan ng Fanling

3543 5701

7/F Fanling Health Centre
2 Pik Fung Road
Fanling
New Territories
(MTR Fanling Station Exit A1 o C)



-- -- Suggested walking route

Fanling Occupational Health Clinic

Lunes hanggang Biyernes:
9:00 ng umaga - 1:00 ng hapon;
2:00 ng hapon - 5:00 ng hapon
2nd at 4th na Sabadong hindi
pampublikong piyesta opisyal
bawat buwan:
9:00 ng umaga - 1:00 ng hapon



Mga Klinika ng
Kalusugan sa Trabaho

4/2025-2-OHL19P

Sentro ng Kaligtasan at Kalusugan sa Trabaho

Layunin

Upang isulong ang kaligtasan at kalusugan sa trabaho para sa mga employer at empleyado



Mga Aktibidad sa Pag-promote

- Pagpapakalat ng impormasyon sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho sa pamamagitan ng mga palabas na video, mga display board at mga exhibit
- Pagsasaayos ng mga talumpati ukol sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho at pamamahagi ng mga publikasyon ng Kagawaran ng Paggawa
- Pagsasaayos ng mga workshop sa kalusugan sa trabaho upang palakasin ang kamalayan ng mga kalahok sa kalusugan sa trabaho
- Tinatanggap ang mga bisitang grupo sa aming sentro para sa pagpapakalat at pagpapalitan ng impormasyon sa kalusugan sa trabaho



Serbisyo ng Impormasyon

- Iba't-ibang publikasyon ng kaligtasan at kalusugan sa trabaho para sa pampublikong sanggunian
- Serbisyo ng internet para sa pag-browse ng pinakabagong impormasyon sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho
- Interactive na mga programang pang-kompyuter para sa pagpapataas ng kaalaman sa kaligtasan at kalusugan sa trabaho sa pamamagitan ng mga laro



enquiry@labour.gov.hk

www.labour.gov.hk